REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Sangguniang Panglungsod

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BILANG 04-323**

**KAPASIYAHAN NA NAGGAGAWAD NG PAGKILALA SA KGG. RUFINO B. JOAQUIN SA MAHUSAY, MATAPAT, EPEKTIBO AT MAKABAYANG PAGLILINGKURAN NA NAISAGAWA SA LOOB NG TATLONG (3) TAON NA PANUNUNGKULAN BILANG KONSEHAL NG DISTRITO 2 NG LUNGSOD NG MUNTINLUPA.**

********************************************************************************

Ipinanukala nina: ***Kgg. Raul R. Corro***
***Kgg. Allan Rey A. Camilon***
***Kgg. Mggl. Patricio L. Boncayao, Jr.***
***Kgg. Melchor R. Teves***
***Kgg. Icasiano M. Dela Rea***
***Kgg. Elmer S. Espeleta***
***Kgg. Lucio B. Constantino***
***Kgg. Mario E. Bulay, Jr.***
***Kgg. Mamerto T. Sevilla, Jr.***
***Kgg. Santiago V. Carlos, Jr.***
***Kgg. Artemio A. Simundac***
***Kgg. Christian Glenn D. Lorica***

********************************************************************************

**SAPAGKAT**, ang **Kgg. Rufino B. Joaquin** ay nahalal bilang Konsehal ng Sangguniang Bayan ng Lungsod ng Muntinlupa noong **Hunyo 30, 2001** hanggang **Hunyo 30, 2004;**

**SAPAGKAT,** siya ay nakapaglingkod ng tatlong (3) taon sa mga mamamayan ng Lungsod ng Muntinlupa;

**SAPAGKAT,** sa loob ng kanyang panunungkulan bilang mambabatas, siya ay naging bahagi sa pag-ugit ng patuloy na kaunlaran ng Lungsod;

**SAPAGKAT,** ang **Kgg. Rufino B. Joaquin** ay nakitaan ng magandang pakikipag-ugnayan at buong pusong pagsuporta sa Punonglungsod at mga kasamang Konsehal para maipatupad ang mga magagandang proyekto ng Lungsod ng Muntinlupa;

**SAPAGKAT**, sa panahon ng kanyang paglilingkuran, siya ay nagpamalas ng propesyonalismo sa tungkulin sa pamamagitan ng maingat at matalinong pakikiisa sa ibang kasamang Konsehal sa Sangguniang Panlungsod na nagtataglay ng iba't-ibang ideolohiyang pulitikal at prinsipyong personal upang ang kapakanan ng higit na nakararaming mamamayan ay maisulong;

**SAPAGKAT,** sa kanyang makabayang paglilingkuran, ang tungkulin na bilang kinatawan ng kanyang nasasakupan ay naisakatuparan ng may kahusayan, katapatan at kagalingan;

**SAPAGKAT,** sa ibinigay na serbisyo ng ating **Kgg. Kon. Rufino B. Joaquin**, marapat lamang na bigyan siya ng plake ng pagpaparangal at iba pang insentibo na nararapat at naaayon sa batas;

*Pahina 2*
*Kapasiyahang Panlungsod Bilang 04-323*

**NGAYON, DAHIL DITO,** pinagpasiyahan ng Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa na gawaran ng paggalang at pagkilala ang Kgg. Rufino B. Joaquin sa mahusay, matapat, epektibo at makabayang paglilingkuran na naisagawa sa loob ng tatlong (3) taon ng panunungkulan bilang Konsehal ng Lungsod ng Muntinlupa.

**PINAGTIBAY,** ng *Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa* ngayong ika-**3** ng **Hunyo, 2004**, sa ginanap na ika-**117** na Regular na Sesyon.

**SINANG-AYUNAN:**

**MGGL. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
*Konsehal*

**ELMER S. ESPELETA**
*Konsehal*

**ALLAN REY A. CAMILON**
*Konsehal*

**LUCIO B. CONSTANTINO**
*Konsehal*

**MGGL. RAUL R. CORRO**
*Konsehal*

**MARIO E. BULAY, JR.**
*Konsehal*

**MELCHOR R. TEVES**
*Konsehal*

**MAMERTO T. SEVILLA, JR.**
*Konsehal*

**MGGL. ICASIANO M. DELA REA**
*Konsehal*

**SANTIAGO V. CARLOS, JR.**
*Konsehal*

**CHRISTIAN GLENN D. LORICA**
*Pangulo- Pederasyon*
*Sangguniang Kabataan*

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
*Pangulo-Samahan ng mga*
*Punongbarangay*

**DI LUMAHOK:**

**RUFINO B. JOAQUIN**
*Konsehal*

**LIBAN:**

**ALDRIN L. SAN PEDRO**
*Konsehal*

**FRANCIS IAN T. BAGATSING**
*Konsehal*

**BAL NIEFES**
*Konsehal*

**RENE CARL S. CAYETANO**
*Konsehal*

**DR. NICANOR L. ECHAVEZ**
*Konsehal*

**PINATOTOTOHANAN**, ko ang katumpakan ng Kapasiyahang ito.

**LEONORA M. MARCELO**
*Pansamantalang Kalihim*
SANGGUNIANG PANLUNGSOD

**PINATUTUNAYAN:**

**MGGL. JO JASON T. ALCARAZ**
*Pang. Punonglungsod/Pangulong Opisyal*

**PINAGTIBAY:**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
*Punonglungsod*
*Petsa:* _______

**Nory/**